# Mangisda ng mga Tao



## WARM-UP

- Sa tingin mo, ano ang nagiging dahilan ng pagiging ordinaryo ng isang tao? Magbigay ng dalawa hanggang tatlong halimbawa na makikita sa totoong buhay.
- Masasabi mo bang magaling kang sumunod sa mga panuntunan? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.
- Magkwento tungkol sa pinakamahusay mong nagawa bilang bahagi ng isang grupo nitong nakaraang labindalawang buwan. Paano mo ito nagawa at ano ang naramdaman mo pagkatapos nito?

## WORD

*1 Pagkatapos nito, pumili pa ang Panginoon ng 72 tagasunod, at sinugo ang mga ito nang dala-dalawa sa mga bayan at sa iba pang mga lugar na pupuntahan niya.*
*2 Sinabi niya sa kanila, "Marami ang aanihin ngunit kakaunti ang tagapag-ani. Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani."* **LUCAS 10:1–2**

(Basahin din ang **LUCAS 10:3–21.**)

Hindi madaling sumunod kay Jesus dahil hinihingi nito ang lahat ng mayroon tayo, hindi tayo mag-isang sumusunod sa Kanya, at hindi ito humihinto sa atin lamang. Ipinadala ni Jesus ang Kanyang mga disipulo upang ipahayag ang mabuting balita ng kaharian sa sinumang handang makinig. Nagbago ang mundo dahil dito, at ngayon, ang bagay na ito ay naghihintay pa ng katuparan sa pamamagitan ng Iglesya. Hindi lang tayo tinawag para mahalin ang ating iglesya o ang mga kapwa natin mananampalataya. Tayo rin ay ginawa para bumuo ng mga ugnayan sa mga taong hindi pa nakakakilala kay Jesus. Sa araw na ito, titingnan natin kung sino ang mga tinatawag ng Diyos, kung ano ang tinatawag Niya tayong gawin,

at kung ano ang ipinapangako Niya habang tayo ay sumusunod sa Kanya at nangingisda ng mga tao.

## 1 | Tinatawag ng Diyos ang ordinaryong mga tao.

*Pagkatapos nito, pumili pa ang Panginoon ng 72 tagasunod, at sinugo ang mga ito nang dala-dalawa sa mga bayan at sa iba pang mga lugar na pupuntahan niya.* **LUCAS 10:1**

Ang labindalawang disipulo at ang pitumpu't dalawa pang ipinadala ni Jesus ay mga ordinaryong tao. Wala silang magagandang kredensyal o malalim na kaalaman sa relihiyon. Sa katunayan, ang pitumpu't dalawa ay hindi pinangalanan sa Bibliya. Sa kabila nito, tinawag sila ni Jesus upang mangaral, magpagaling ng mga may sakit, at magpaalis ng mga demonyo. Isa itong malaking ginhawa. Hindi kailangan na maging mas mataas tayo kaysa sa karaniwan para sumunod sa Diyos. Tayong mga ordinaryong tao ay tinawag para ipagdasal ang iba, ipangaral ang ebanghelyo, at paglingkuran ang Diyos bilang isang komunidad. Sa tingin mo, ano ang naramdaman ng pitumpu't dalawa habang dala-dalawa silang pumupunta sa iba't ibang lugar?

## 2 Tinatawag ng Diyos ang ordinaryong mga tao para gumawa ng mga hindi ordinaryong gawain.

*[2]Sinabi niya sa kanila, "Marami ang aanihin ngunit kakaunti ang tagapag-ani. Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani. [3]Sige, lumakad na kayo. Ngunit mag-ingat kayo, dahil tulad kayo ng mga tupang isinugo ko sa mga lobo. . . . [8]Kapag dumating kayo sa isang bayan at tinanggap kayo ng mga tao, kainin ninyo ang anumang ihain nila sa inyo. [9]Pagalingin ninyo ang mga may sakit doon, at sabihin ninyo sa kanila na malapit na ang paghahari ng Diyos sa kanila."* **LUCAS 10:2–3, 8–9**

Ipinadala ni Jesus ang mga hindi kilalang tagasunod Niya para ipahayag ang Kanyang kaharian sa iba't ibang mga bayan at lungsod. Humarap sila sa mga taong hindi tumanggap sa kanila, pero nakita din nila ang pagkilala ng maraming tao sa Diyos. Ipinahayag nila ang ebanghelyo ng kaharian ng Diyos at kinumpirma nila ang kanilang mensahe sa pamamagitan ng mga himalang mula sa Diyos, na tumugon sa pangangailangan ng mga tao. Ayon sa Marcos 16:15–18, bakit ipinangako ng Diyos na sasamahan ng mga himala ang pagpapahayag ng ebanghelyo, na hindi isang pangkaraniwang gawain?

Kung paanong tinawag ang mga disipulo upang ipahayag at ipakita ang ebanghelyo ng Kanyang kaharian, iniimbitahan tayo ng Diyos na makibahagi sa hindi pangkaraniwang gawaing ito. Habang ginagawa natin ito, mas marami pang tao ang lalapit sa Diyos at magbibigay sa Kanya ng kasiyahan. Magpasalamat tayo sa Diyos dahil alam nating sa huli, ang pangangaral ng Kanyang salita ay makapagbibigay sa atin ng ganap na kasiyahan—ang pagkasulat ng ating mga pangalan sa langit (Lucas 10:20)—ang bago nating pagkamamamayan sa kaharian ng Diyos.

## APPLICATION

- Paano ka tumutugon sa ideya ng pagbabahagi tungkol kay Jesus sa ibang tao? Bakit ginagawa mo pa rin ito?
- Sa tingin mo, bakit ibinigay ni Jesus ang ganoong bilin sa Kanyang mga disipulo at bakit dala-dalawa Niya silang ipinadala? Sa tingin mo, ano ang magiging bilin Niya sa *Victory group* mo ngayon?
- Ngayong linggo, habang nag-aaral, nagtatrabaho, o ginagawa natin ang mga pang-araw-araw na mga gawain, ipanalanging dadalhin tayo ng Diyos sa mga taong gusto Niyang pagpalain sa pamamagitan natin, para maging handa silang tanggapin ang ebanghelyo at matanggap nila ang kaligtasang ibinibigay ni Cristo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagtawag sa iyo na "*munting bata*" at sa paggawa ng daan para maisulat ang pangalan mo sa langit.
- Pasalamatan ang Diyos dahil ginawa ka Niyang ordinaryo at sa kabila nito ay tinawag ka pa rin para gawin ang isang hindi pangkaraniwang gawain. Humingi sa Kanya ng lakas, karunungan, at tapang na ipangaral ang ebanghelyo.
- Ipanalangin ang mga miyembro ng iyong pamilya at mga kaibigan upang makilala nila si Cristo. Hilinging palambutin ng Diyos ang kanilang mga puso at maakay sila palapit sa Kanya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Madel Vanguardia, Kriscel Wee

victory.org.ph